Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

## WAG KANG SUMAMA SA MGA TAONG TRAYDOR

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,*
*Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,*
*Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Awwalin wal Akhirin,*
*Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,*
*Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.*
*Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Ano ang utos sa atin ng Allah kung sino ang dapat natin samahan? Au-dhu Billahi Minash-shaitanir Rajim. Bismillahir Rahmanir Rahim.

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُواْ اتَّقُواْ اللّهَ وَكُونُواْ مَعَ الصَّادِقِينَ

"Ya Ayuhal lathena aamanut taqullaha wa kunoo ma'assadiqeen." (Sura Tawba:119) (O you who have believed, fear [disobedience against] Allah and be with those who are true.)

Sabi ng Allah, "Matakot kayo sa Allah at sumamasa silang mga totoo at hindi sa mga silang nagsisinungaling" Ang mga sumusunod sa utos na ito ay maayos ang lagay. Kapag iyong kinatakutan ang Allah, di ka gagawa ng masama. Kapag sumama ka sa mga silang nagsasabi ng katotohanan at hindi nagsisinungaling, magkakaroon ka ng biyaya.

Di mo mamamalayan kung kailan ka sasaktan ng mga traydor na tao. Maaari kang ilagay niya bigla sa malaking problema. Kaya dapata mag-ingat sa mga kaibigan mo. Mag-ingat sa mga nakilala mo at nakatagpo.Maging maingat ka pag di siya mabuting tao. Maaari mo silang bigyan ng Nasiha hanggang maging mabuti sila. Pag di pa rin sila nagbago at nanatiling ganun, mas mabuti na lumayo ka na lang sa kanila at wag sila kaibiganin. Nawa'y gawin tayo ng Allah mula sa mga nagsasabi ng totoo.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
8 August 2016/5 Zulqida 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah